

Modyul 1

Mga Salita Ayon sa Formalidad na Gamit Kalakalan Tekstong Informativ



Tungkol saan ang modyul na ito?

Kumusta ka na kaibigan? Isang malaking karangalan para sa akin ang makasama ka sa pag-aaral mo ng bagong aralin. Tiyak na kawiwilihan mo ang bagong leksyong inihanda ko para sa iyo. Panibagong kaalaman na naman ang mapapayaman ng iyong isipan at karanasan na magagamit sa pang-araw-araw na gawain.

Sinasabing ang wika’y kasangkapan sa pakikipagtalastasan. Tunay ngunit hindi kasangkapan pang mekanikal lamang. Higit dito ang kalikasan at kagamitan ng isang wika. Ito’y tagapagdala ng ideya. Iniimpluwensyahan nito ang ugali ng tao: ang kanyang isip at damdamin. Instrumento ang wika sa paglikha ng makabuluhan at malikhaing pag-iisip. Samakatuwid, upang magamit sa sukdulan ang wika, dapat itong hawakan nang buong husay, angking ganap. Ang mahina at di-ganap na paghawak ng wika’y nagpapahiwatig ng mahina at di-ganap ding bunga ng naturang paggamit nito.

Bilang Pilipinong mapagmalasakit sa sariling wika, nararapat lamang na pag-aralan ang katangian ng wikang ginagamit gaya ng kaantasan nito sa pamamagitan nito’y matutukoy ang kasanayan ng taong gumagamit ng sariling wika.

Nakapaloob din sa modyul na ito ang uri at katangian ng isang teksto. Suriin at ipaliwanag nang mabuti upang maging magaan ang iyong pag-aaral. Nakatutulong nang malaki sa iyong pag-unawa ang tekstong lunsarang iyong babasahin na ang mga paksa’y tungkol sa kalakalan; ang kahalagahan nito sa lipunan at ekonomiya ng bansa.



Ano ang matututunan mo?

- A. Natutukoy at nagagamit sa pangungusap ang mga salita ayon sa formalidad na gamit
- B. Nabibigyang-hinuha ang kahulugang maaaring ipinahihiwatig ng pamagat
- C. 1. Nakikilala ang isang tekstong informativ
2. Naiisa-isa ang tiyak na layon ng teksto
- D. Nakabubuo’t nakasusulat ng isang mabisang tekstong informativ.



Paano mo gagamitin ang modyul na ito?

Ngayong hawak mo ang modyul na ito. Gawin ang mga sumusunod:

1. Kung may malabong panuto o anumang bahagi ng modyul, magtanong sa iyong guro o kung sinumang may ganap na kaalaman.
2. Isulat sa hiwalay na papel ang iyong sagot sa mga pagsusulit at iba pang Gawain. Huwag itutupi ang mga pahina ng modyul dahil gagamitin pa ito ng iba.
3. Itala ang mahahalagang impormasyon at kaisipan sa isang hiwalay na kuwaderno. Makatutulong ito upang madali mong mabalikan ang mga leksyon.
4. Basahing mabuti ang mga babasahin o teksto. Malaking tulong ito upang makamit mo ang mataas na antas ng kaalaman.
5. Ang mga tamang sagot sa panimula at pangwakas na pagsusulit ay kukunin sa guro pagkatapos mong masagutan ang mga aytem.



Ano ba ang alam mo?

Bago ka magpatuloy sa pag-aaral ng modyul na ito, subukin mong sagutin ang bawat pagsusulit upang malaman kung ano na ang mga alam mo.

Handa ka na ba?

Maaari ka nang magsimula sa pagsasagot.

- I. Pagtukoy sa mga salita ayon sa formalidad na gamit.
Panuto: Hanapin sa Hanay B ang katumbas na imformal na salita ng mga nasa Hanay

A.

Hanay A

1. erpat
2. datung
3. lamyerda
4. erap
5. tiklo
6. haybol

Hanay B

- A. pare
- B. pasyal
- C. bahay
- D. huli
- E. tatay
- F. pera

II. Pagbibigay-hinuha sa kahulugang maaaring ipinahihiwatig ng pamagat.
Panuto: Piliin sa mga salita sa ibaba ang mga paksang nais ipahiwatig ng mga sumusunod na pamagat. Letra lamang ang isulat.

1. Heograpiya ng Asya
 2. Nasyonalismo sa Asya
 3. Tungkulin ng Bawat Mamamayan
 4. Kabalikat ng Bayan
 5. Globalisasyon
 6. Polusyon sa Kapaligiran
- A. Pagbabayad ng buwis
 - B. Kabataan
 - C. Iba't ibang uri ng sakit
 - D. Kalakalang pandaigdig
 - E. Lokasyon, likas na yaman, populasyon ng bansa
 - F. Kabayanihan

III. Pagkilala sa tekstong informativ

Panuto: Isulat ang mga bilang ng pahayag na nagbibigay ng impormasyon.

1. Limitado ang pinagkukunang-yaman ngunit may mga pamamaraan upang ito'y maparami at mapalaki.
2. Ayon sa destribusyon sa iba't ibang industriya, marami sa manggagawang Pilipino ang nasa sector ng agrikultura.
3. Hindi ko matatanggap ang iyong mga paninindigan kung kalakalan ang pag-uusapan.
4. Nais kong makatulong sa pagpapalago ng ekonomiya ng ating bansa upang mapaunlad pang lalo ang kabuhayan ng bawat mamamayan.
5. Mahigit sa 57.6 na porsyento ng mga pamilyang Pilipino noong 2000 ay walang sapat na kita upang maabot ang nararapat na pagkaing itinakda ng Food and Nutrition Research Institute.
6. Tinatantiyang humigit-kumulang sa 12 porsyento ng gugugulin ng mga pamilyang tagalunsod ang inilalaan nila para sa pamamahay.
7. Humigit-kumulang sa 12.5 milyong ektarya ng ating lupain ang ginagamit sa produksyon ng mga pananim.

IV. Pagkilala sa layon ng teksto

Panuto: Piliin sa ibaba ang letra ng salitang tumutugon sa layunin ng bawat pahayag.

1. "Pananatilihin pong malinis ang ating kapaligiran at komunsulta agad sa duktore kung makaranas man po kayo ng mga ibinigay kong palatandaan."
2. "Iwasan ang mataong lugar at maging alerto sa anumang pangamba o panganib na maaaring mangyari."
3. "Mag-aral kang mabuti upang maging maayos at maganda ang iyong kinabukasan anak."
4. "Sige na patawarin mo na ako sa aking pagkakamali. Hindi ko akalaing ikasasama mo ng loob ang sinabi ko."
5. "Ipinakita ni G. Sarao sa larangan ng kalakalan ang pambihirang sipag at katalinuhan ng mga Pilipino. Tunay ngang dapat pamarisan ang kanyang ginawa."
 - a. nakikiusap
 - b. nagbibigay-babala
 - c. nagpaparangal
 - d. nangangaral
 - e. nagbibigay-impormasyon

V. Pagsulat ng isang tekstong informativ

Panuto: Punan ng angkop na pahayag na nasusulat sa ibaba ang bawat patlang upang mabuo ang diwa ng talata.

Ang kita ng bawat tao ay nagkakaiba at hindi pantay-pantay. May malakas kumita at mayroon namang mahina. Ang iba naman ay walang kita dahil sa kawalan ng empleyado. (1) _____
Ito ang nakikita nating tanawin sa lahat halos ng lugar sa bansa. (2) _____

Ang mga taong nagtitinda sa bangketa, kalye at mga gilid ng kanilang mga tahanan ay hindi nakapag-aambag sa kita ng pamahalaan. (3) _____
_____ sa ganitong kalagayan, natutulungan nila ang kani-kanilang pamilya (4) _____
_____ ngunit (5) _____.

- na matugunan ang mga pangangailangan
- upang matugunan ang kanilang pangangailangan, nagtatayo sila ng tindahan sa tabi ng kanilang mga bahay
- ang pagtatayo ng kani-kanilang mga tindahan sa kalye at mga lugar na matao

- hindi nakatutulong sa pamahalaan
- sapagkat hindi sila nagbabayad ng buwis

Kung tapos mo nang sagutin ang mga pagsusulit, kunin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto. Ipagpatuloy ang pag-aaral ng modyul.



Mga Gawain sa pagkatuto

Sub Aralin 1


Salita Ayon sa Formalidad na Gamit

Layunin

Natutukoy at nagagamit sa pangungusap ang mga salita ayon sa formalidad na gamit

Alamin

Tingnang mabuti ang larawan. Pareho kaya ang uri ng wikang ginagamit?



Iba ang wikang ginagamit sa loob ng paaralan sa wikang ginagamit sa lansangan. Parehong nagpapahayag ng sariling saloobin subalit may mga salitang pinipili upang iangkop sa kalagayan, lugar, pagkakataon, kausap at taong nagsasalita.

Alam mo ba kung ano ang mga ito? Ipagpatuloy mo ang pag-aaral sa modyul upang maragdagan ang iyong kaalaman.

Linangin

Ang mga salita ayon sa formalidad na gamit ay nahahati sa dalawang uri;

1. Formal – ito ang itinuturing na pinakamataas na antas ng wika. Gamit ito ng mga nagpapakadalubhasa sa wika o ng mga taong nakapag-aral.
 - a. *Pambansa* - ito ang uri ng wikang ginagamit sa paaralan, pamahalaan, sa konstitusyon, simbahan, kongreso, Malacañang.
 - b. *Pampanitikan* - wikang ginagamit sa mga akdang pampanitikan masining, malikhain, matalinghaga at malalim ang paraan ng pagpapahayag.
2. Imformal – ito ang wikang gamit sa ordinaryong pakikipagtalastasan
 - a. *Kolokyal* – ang wikang gamit sa mga karaniwang lugar gaya ng bahay, lansangan o sa kanto. Ito rin ang wikang gamit ng mga edukadong taong walang formal na pag-aaral sa wika.
 - b. *Lalawiganin* – wikang gamit ng isang pook o lipon ng mga tao. Ito’y diyalektong maituturing. Mababakas ang punto sa pagsasalita ng mga tao.
 - c. *Balbal* – ang pinakamababang wika. Gamit ng mga taong di nakapag-aral o walang formal na edukasyon.

Ang mga sumusunod ay halimbawa ng mga balbal na salita

1. mga salitang banyagang pinaikli
orig – original
hi-tech – high technology
2. mga salitang binaligtad
pulis – lispu
guwardiya – jaguar
3. paggamit ng Akronim
KKB – kanya-kanyang bayad
KSP – kulang sa pansin

4. paggamit ng bilang
siyete – tsismis
bente nueve – balisong

Naunawaan mo ba ang aking mga ipinaliwanag? Ginagamit mo ba sa araw-araw na pakikipagtalastasan ang mga salitang informal na binanggit sa bawat halimbawa?

Mainam kung gayon. Hindi ka mahihirapan sa mga pagsasanay na aking ipasasagot sa iyo.

Gawain 1

Panuto: Basahin ang usapan. Pagkatapos, isulat ang mga salitang informal na ginamit (7 puntos)

Bobot: Pare; ang hirap ng buhay ngayon

Jimmy: Sinabi mo pa. Ako nga baka di-na makapag-aral sa susunod na sem. Alaws na pera si Erpat.

Bobot: Balak kong tulungan si Ermat sa pagtitinda sa palengke. Malaki-laki rin naman ang kita.

Jimmy: Buti ka pa. Ako tambay. Tiyak na maboboring ako nito sa bahay.

Bobot: Magtrabaho ka nga para makapag-ipon ka.

Jimmy: Sabagay, maganda iyang ideya mo. Masubukan nga.

Gawain 2

Panuto: Basahin ang talata at ibigay ang kahulugan ng formal na salitang may salungguhit na nasusulat sa ibaba.

Iba't ibang (1) pantawid-buhay ang maaaring pagkakitaan kahit nasa bahay lamang. Maaaring magtinda ng mga pagkaing pang-agahan o pangmeryenda gaya ng tsamporado, lugaw, pansit at iba pang lutuing makatitighaw sa (2) kumakalam na sikmura. Malaking tulong ito sa pamilya lalo pa't maliit lamang ang kita ng (3) haligi ng tahanan lagi na lamang (4) naghihigpit ng sinturon at di-man lang mabili ang mga pangunahing pangangailangan ng mag-anak. Sa ganitong negosyo'y maaaring makatuwang ang mga anak upang sila'y (5) maagang mamulat sa kalakaran ng buhay.

Pagpipilian:

Nagugutom	Hanapbuhay
Nagtitipid	Buhay-alamang
Magkaisip	Nagtititiis
Ama	Ina

Gawain 3

Panuto: Punan ng angkop na salitang formal na matatagpuan sa ibaba ang bawat patlang sa talata.

Ang pagtatrabaho sa ibang bansa ay may iba't ibang epekto sa ating kabuhayan. May mabuting epekto at marami rin ang masama. Sa larangan ng ating yamang tao, ang migrasyon ng mga Pilipinong ____ (1) ____, lalung-lalo na iyong mga ____ (2) ____, ay nakababawas ng mga kinakailangang ____ (3) ____ at lakas-isip upang lumahok sa proseso ng produksyon sa ating bansa. ____ (4) ____ ang mahuhusay na duktur, pati mga nars sa mga liblib na lugar na nangangailangan ng kanilang ____ (5) ____ . Kinakapos din tayo sa mga inhinyero at sa konstruksyon. Ngayon ay nawawala rin ang ating mga ____ (6) ____ dahil marami sa kanila ay nagsisipaghanap buhay sa ibang bansa. Kung lahat ng ating mahuhusay at produktibong manggagawa ay mawawala, sino ang gagamot sa atin, mangangalaga kung may ____ (7) ____ gagawa ng mga bagay, magtuturo sa mga paaralan?

Mga pagpipilian:

1. trabahador, manggagawa
2. edukado, ilustrado
3. talino, utak
4. nawawala, nangangaunti
5. serbisyo, paglilingkod
6. maestro, guro
7. karamdaman, epedemya

Iwasto mo ang iyong sagot. Hingin sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.

Lagumin

Panuto: Piliin ang mga imformal na salitang ginagamit sa pangungusap at ibigay ang katumbas na formal na kahulugan nito na makikita sa ibaba nito.

1. Bahagi na ng buhay at sangkap na ng lipunan ang tinatawag na kalakalan. Sumakay ka sa dyip, kumain sa mamahaling restawran o turu-turo, bumili ng gamit, maglibang... ang lahat ng ito ay sistema na ng kalakalan na di-maaaring ihiwalay sa bawat mamamayan.
2. Nananagana ang mga mangangalakal sapagkat tubong-lugaw ang kanilang kita lalo na ang mga tsekwa.
3. Mataas ang ipinapataw na buwis ng BIR sa mga produktong gaya ng alak at yosi.
4. Dehins maaagrabyado ang ating produkto kahit pa magdagsaan ang mga produktong dayuhan sa iba't ibang pamilihan sa bansa.

5. Pinasisigla ng kalakalan ang ekonomiya ng bansa sapagkat nagsisilbi itong gulugod ng kabuhayan. Kaya't huwag kang mag-alala igan, maganda ang takbo ng ating negosyo.

hindi	karinderya
kaibigan	sigarilyo
intsik	wala
barberya	

Iwasto mo ang iyong sagot. Hingin sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.

Subukin

Panuto: Isulat kung ang salitang may salungguhit sa talataan ay formal o informal

Malaki ang naitutulong ng kalakalan sa (1)pagpapakadalubhasa ng tao sa kanyang gawain. Natatamo niya ang kasanayan dahil sa paggawa ng mga produktong pangkalakal na di-(2)palpak. Nagagamit din niya ang kasanayang ito sa pagpapaunlad pang lalo ng kanyang kaalaman at pagtuklas pa ng ibang bagay na makatutulong sa pag-angat ng sariling kabuhayan. Maging (3)maatik sabi nga ng iba.

Tumataas ang uri ng produkto dahil sa kompetisyon hindi sa (4)gulangan. Sinisikap ng mga may-ari ng pagawaang mapabuti't mapahusay ang kanilang kalakal nang sa gayo'y maging mabili sa (5)pamilihan. Sa rami nga naman ng mga produktong maaaring pagpilian, kung di-mahusay-husay ang kalakal ay tiyak na (6)dedma ito sa mga (7)mamimili o (8)parokyano.

Iwasto mo ang iyong sagot. Hingin sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.

Paunlarin

Panuto: Isulat ang kasingkahulugan ng mga sumusunod na salitang nasasalungguhitan sa pangungusap.

1. Kinakaliskisang mabuti ng mamimili ang produktong kanilang binibili
2. Butas ang balsa ng mga tao kaya matumal ang mga paninda sa palengke
3. Hinuhuli na ng mga lispu ang mga tinderang nagtitinda sa bangketa sapagkat nagiging dahilan ito ng trapik.
4. Nagdagsaan sa bansa ang mga negosyanteng Koreano. Karamihan sa kanila'y TNT
5. Wala silang paki kung maapektuhan man nila ang benta ng mga negosyanteng Pilipino.

Kunin mong muli ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro upang malaman mo kung may pag-unlad sa iyong pag-aaral.

Maaari mong balikan ang iyong mga sagot upang higit na maunawaan kung bakit iyon ang tamang sagot.

Sub Aralin 2

Pagbibigay-hinuha sa Kahulugang Maaaring Ipahiwatig ng Pamagat

Layunin

Nabibigyang-hinuha ang kahulugang maaaring ipinahihwatig ng pamagat

Alamin

Basahin ang teksto

Ano nga ba ang Teknolohiya? Maaaring ang teknolohiya ng tao ay makikita sa isang lagare, martilyo o kahit anong bagay o gamit. Subalit hindi lang ito. Ang teknolohiya ay kabuan ng mga paraang ginagamit ng tao para sa ikagagaan at ikagiginhawa ng kanyang gawain at pangangailangan.

Ang Teknolohiya ng tao ay mabilis na umunlad sa pagpasok ng 17 siglo nang maimbento ang enerhiya ng singaw. Mula rito ay tumuklas ang tao ng iba't iba pang makina. Ang lahat ng ito ang siyang nagdala ng ating makabagong teknolohiya ngayon. Dahil dito, sinasabing walang imposible sa mundong ito. Biruin mo nga namang makaabot ang tao sa buwan. Noon ay parang panaginip lamang ito.

Ang pag-unlad ng kabuhayan at kalagayan ng tao kung gayon ay mababakas din sa pag-unlad ng kanyang teknolohiya. Isang katibayan nito ay ang ating makabagong sasakyan, ang iba't ibang uri ng komunikasyon, ang masasalimuot na makina, kompyuter at iba pa. Ang lahat ng ito'y nilikha ng tao sa pagnanasang mapagaan o mapabuti ang kanyang gawain. Dahil sa teknolohiya gumagaan ang gawain ng tao. Ang dating nagagawa ng 20 katao ay nagagawa na ngayon ng isang tao. Ano ngayon ang implikasyon nito sa ating kabuhayan? Marami ang mawawalan ng trabaho, halos hindi na rin magbabanat ng buto ang iba.

Naunawaan mo ba ang iyong binasa?

Matutukoy mo ba kung ano ang angkop na pamagat sa kababasa mong teksto?

Tama ka. “Teknolohiya”, iyan ang angkop na sagot. Sa simula pa lamang ay malalaman na kaagad ang paksa ng teksto kaya't di-mahirap tukuyin ang pamagat nito.

Linangin

Mahalaga ang paglalagay ng pamagat ng isang babasahin, akda, panoorin o palabas. Nagsisilbi itong gabay sa mga mambabasa o manonood sa pamamagitan ng pagbibigay ng klu o impormasyon tungkol sa takbo ng mga pangyayari o nilalaman ng isang teksto o akda.

May mga manunulat na ginagawang masining ang pamagat. Hindi tahasang tinutukoy ang paksa. Isa itong paraan upang maganyak ang mga mambabasa na ito’y pag-ukulan ng pansin o panahon.

Ang pamagat ay maaaring isang salita, parirala o kaya’y pangungusap.

Halimbawa ng pamagat na binubuo ng isang salita lamang: “Encantadia”, “Darna”, “Saranggola”.

Halimbawa ng pamagat na binubuo ng parirala: “Isang Dipang Langit”, “Sa Aking mga Kababata”, “Ang Daluyong”.

Halimbawa ng pamagat na binubuo ng pangungusap: “Nagalit ang Buwan sa Haba ng Gabi”, “Ako’y Isang Pilipino; Filipino ang Wika ko, Pilipinas ang Bayan ko”.

Nakabasa ka na ba ng pamagat na akala mo’y ganoon ang paksa subalit iba naman pala ang nilalaman ng iyong babasahin?

Mahulaan mo kaya kung tungkol saan ang pamagat na “Bata, Bata, Paano ka Ginawa?” May ideya ka na ba? Tama ka, tungkol ito sa paraan ng paghubog ng pagkatao ng isang musmos.

Ito naman ang hahamon sa iyong kakayahan, ang paghinuha sa nais ipahiwatig ng mga pamagat. Handa ka na ba sa mga pagsubok na aking inihanda para sa iyo?

Magsimula ka na kung gayon.

Gamitin

Gawain 1 Paghinuha sa kahulugang maaaring ipinahiwatig ng pamagat.

Panuto: Hanapin sa Hanay B ang paksang nais ipahiwatig ng mga pamagat sa Hanay A. Letra lamang ang isulat.

Hanay A


1. Puno... kaibigan ng Tao
2. Paglingon sa Kahapon
3. Maganda pa Rin
4. Pagislam
5. Mapalad ang May Malilinis na Pusong

Hanay B

- A. Kaugalian ng mga Muslim sa Pagbibinyag
- B. Katapatan sa Sarili at Kapwa
- C. Pinunong Matapat sa Tungkulin
- D. Kahalagahan ng Puno
- E. Katatagan sa Harap ng Pagsubok
- F. Pasgababalik-tanaw sa Mapapait na Karansan

Gawain 2

Panuto: Piliin at isulat sa bawat kahon ang mga pahayag na nakasulat sa ibaba na tumutugon sa nais ipahiwatig ng pamagat.



- Pagpapagamot ng malubhang karamdaman sa Amerika
- Pagsisikap sa buhay upang matamo ang mga pangarap
- Labis na pagkahilig sa mga imported na gamit
- Pagmamahal sa sariling bayan
- Pagiging kuntento sa kalagayan sa buhay
- Higit na pagpapahalaga sa sariling pamilya kaysa sa karangyaan
- Pagkabahala sa iba't ibang suliraning panlipunan
- Pagpapanatili sa kultura't tradisyong kinamulatan

Iwasto mo ang iyong sagot upang malaman kung nakuha mong lahat ang tamang sagot. Hingin sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.

Lagumin

Basahin mo ang talata. Pagkatapos sagutin ang mga katanungan sa ibaba nito.

Malayang Kalakalan

(1) Sa pananakop ng Estados Unidos sa ating bansa na tumagal ng halos kalahating dantaon ang pangunahing patakarang komersyal ay maaaring mailarawan sa pagtataguyod ng Patakarang Malayang Kalakaran. (2) Ito ay isang patakarang komersyal na nagsasaad ng malayang pagpasok ng mga produkto ng mga bansang may ugnayang pang komersyo. (3) Sa madaling salita, walang hadlang sa pagluluwas ng mga produktong gawa sa Estados Unidos sa pagpasok sa adwana ng Pilipinas. (4) Wala ring hadlang sa pagluluwas ng mga produkto ng Pilipinas patungong Estados Unidos. (5) Ngunit ang pagsasakatuparan ng patakarang ito ay hindi pantay at may hiling sa panig ng Estados Unidos.

Panuto: Piliin ang salitang angkop sa patlang.

1. Ang pamagat ng teksto ay binubuo ng _____
2. Ang pinaghanguan ng pamagat ay matatagpuan sa pangungusap blg. _____
3. Ang paksa ng talata ay tungkol sa _____
4. Ang pamagat ng teksto ay ipinaliwanag sa pangungusap blg. _____
5. Ang dalawang bansang tinutukoy sa teksto na nagpapalitan ng produkto ay Pilipinas at _____



Pagpipilian:



2	produktong Pilipinas
Parirala	Estados Unidos
Kalakalan	Espanya
1	5
pangungusap	patakarang

Iwasto mo ang iyong sagot. Hingin sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto

Subukin

Piliin sa ibaba ang pamagat na angkop sa larawan.





- A. Ang Bayan Ko
- B. Ang Mabuting Samaritano
- C. Ang Pagdating ng Munting Anghel
- D. Ang Aking Kinalakhan
- E. Takipsilim ng Buhay
- F. Kasawian
- G. May Biyaya sa Paggawa

Iwasto mo ang iyong sagot. Kung tama ang lahat ng iyong kasagutan maaari ka nang magsimula sa susunod na Aralin. Subalit kung may mali ka, isagawa mo ang Paunlarin.

Paunlarin

Panuto: Isulat ang letra ng paksang tumutugon sa isinasaad ng pamagat na makikita sa kasunod na pahina.

1. May Lason sa Ating Kapaligiran
2. Bibihisan ko ang Bagong Kristo
3. Maliit man ang Papel
4. Ang Buhay ay Pakikitunggali
5. Nasa Dugo ni Tara

Pagpapakahulugan

- A. Pagpapakahulugan sa tunay na diwa ng Pasko
- B. Paglutas ng suliranin
- C. Pagkalulong sa sugal
- D. Pagharap sa mga kabiguan at pagkatalo
- E. Paglala ng polusyon
- F. Pagpapahalaga sa kasiyahang nadarama ng puso kaysa gantimpala o kabayaran.

Iwasto mo ang iyong sagot. Hingin sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.

Sub Aralin 3

Pagkilala sa Tekstong Informativ at Pag-iisa-isa sa Layon ng Teksto

Layunin

1. Nakikilala ang isang tekstong informativ
2. Naiisa-isa ang layon ng teksto

Alamin

Ano ang paksa ng usapan sa larawan? Bilang tagapagsalita, ano ang tungkulin niya sa mga tagapakinig?



Tama. Kalakalan ang paksa ng usapan sa larawan. May isang tagapagsalita o siya ang tagapagbigay ng mahahalagang impormasyon sa mga tagapakinig upang malinaw na maipabatid ang mga bagay na nararapat isagawa.

Bakit kailangang maging malinaw ang paghahatid ng mga impormasyon?

Alamin mo ang mga ito. Magpatuloy sa pag-aaral sa modyul.

Linangin

Ang pahayag na ibinigay ng tagapagsalita ay nagbibigay ng impormasyon.

Ano nga ba ang tekstong informativ? Informativ ang teksto kung ito’y nagpapahayag ng mahahalagang impormasyon tungkol sa paksang tinatalakay. Layunin nitong linawin ang mga bagay-bagay na may kinalaman sa paksa upang malinaw na maibahagi ang mga impormasyong nararapat malaman ng mambabasa.

Maaaring ito’y magbigay ng kahulugan o katuturan sa isang paksa/ bagay, maglahad ng kapakinabangan, gamit, pamamaraan, sanhi at bunga o katungkulan.

Halimbawa:

Ayon kay Joseph Schumpeter, ang mga sumusunod ay mahalaga sa kaunlaran ng isang bansa.

1. Anyo ng inobasyon
2. Pagtuklas ng mga pinagmulan ng mga hilaw na materyales
3. Pagbubukas ng mga bagong pamilihan
4. Pag-iimbento ng bagong pamamaraan sa paggawa ng bagong produkto.
5. Paglilinang ng bagong anyo ng organisasyon

Ang tekstong inilahad ay nagbibigay ng impormasyong nakatutulong sa pagpapaunlad ng kalakalan ng bansa.

Isa sa katangian ng teksto ang layon nito. Dito’y tinutukoy ang mga kaisipan o mensaheng nais iparating ng may-akda sa mambabasa. Nakapaloob din dito ang layunin ng may-akda sa paglalahad ng impormasyon.

Halimbawa:

Ang salitang monopolyo ay nanggaling sa salitang Griyego na monos polein na ang ibig sabihin ay “mag-isang nagtitinda”. Ang pamilihan ay nasa ganitong uri, kung ang kalakal ng isang industriya ay ipinoprodyus o inilalabas lamang ng iisang kalakalan o kumpanya.

Ano sa palagay mo ang layunin ng may-akda sa pagpapaliwanag ng kahulugan ng salitang monopolyo?

Tama. Layunin ng teksto na makilala ng mambabasa ang pagkakaiba ng monopolyo sa iba pang uri ng pamilihan sa larangan ng kalakalan.

Naging maliwanag ba sa iyo ang aking ipinaliwanag? Mabuti naman kung gayon. Nangangahulugan lamang na handang-handa ka na sa pagsagot sa mga gawaing aking inihanda.

Gawain 1 Pagkilala sa tekstong Informativ

Panuto: Basahin muna ang teksto. Pagkatapos piliin ang wastong sagot na tumutugon sa ipinahahayang ng bawat pangungusap sa bawat bilang.

Marami ang nagtatanong kung paano lumalaki at umuunlad ang isang ekonomiya.

Ang pag-unlad o paglaki ng isang ekonomiya ay nagpapahiwatig ng pagpapalawak ng kanyang kakayahang produktibo. Ang kakayahang produktibo naman ay itinatakda ng dami ng mga pinagkukunang-yaman ng isang bansa, ang teknolohiyang ginagamit nito. Ang mabisang paggamit ng mga pinagkukunang-yaman, at mga dimabatid na sanhi ng pag-unlad.

Kapag ang pinagkukunang-yaman ng isang bansa ay lumalaki tulad ng paglaki ng mga manggagawa at pagdami ng pisikal na kapital, ang hangganan o kapasidad sa produksyon ng isang ekonomiya ay nadaragdagan at napalalawak ang mga manggagawa at yamang kapital ay mga pangunahing sangkap o kabuo sa produksyon. Samakatuwid, kapag dumarami ang mga sangkap, lumalaki rin ang kakayahan ng isang ekonomiyang makapagprodyus ng mga produkto at serbisyo.

1. Ang paksa ng teksto ay tungkol sa:
 - a. kakayahang produktibo
 - b. makabagong teknolohiya
 - c. pinagkukunang likas-yaman
 - d. pag-unlad ng ekonomiya

2. Ang pahayag na nagbibigay impormasyon ay:
 - a. ang mga manggagawa at yamang kapital ay mga pangunahing sangkap sa produksyon
 - b. kapag dumarami ang sangkap sa palagay ko'y dapat ding lumaki ang kakayahan ng ekonomiyang makapag prodyus
 - c. kung ako ang tatanungin, ang hangganan o kapasidad sa produksyon ng isang ekonomiya ay nadaragdagan at napalalawak
 - d. ang paglaki ng isang ekonomiya ay hindi nagpapahiwatig ng kakayahang produktibo

3. “Ang kakayahang produktibo ay itinatakda ng dami ng mga pinagkukunang-yaman ng isang bansa. Ang teknolohiyang ginagamit nito ang mabisang paggamit ng mga pinagkukunang-yaman at mga di-mabatid na sanhi ng pag-unlad”. Isinagawa ang pagbibigay ng impormasyon sa pamamagitan ng:
 - a. paglalarawan
 - b. pangangatwiran
 - c. paglalahad
 - d. pagsasalaysay

4. Ang ikalawang talata ay nagbibigay ng impormasyon sa pamamagitan ng:
 - a. pagbibigay-katuturan sa paksa
 - b. pagpapaliwanag ng sanhi ay bunga
 - c. pagtukoy sa mga kapakinabangan
 - d. pagsasagawa sa tamang hakbangin

5. Aling impormasyon ang totoo batay sa ininasaad ng teksto?
 - a. Nakasalalay sa rami ng pinagkukunang-yaman ng bansa ang kakayahang produktibo
 - b. Nakasalalay sa paglaki ng populasyon ang kaunlaran ng ekonomiya
 - c. Ang pagdami ng sangkap na kailangan sa produksyon ay nangangahulugan ng pagtangkilik ng mga mamamayan.
 - d. Umuunlad ang ekonomiya ng bansa kapag lumalaki ang bilang ng mga manggagawa at kapital sa pamumuhunan

Gawain 2 Pagkilala sa layon ng teksto

Panuto: Piliin at isulat ang letra ng pahayag na tumutugon sa mensaheng nais iparating ng teksto.

1. Karapatan ng konsyumer ang mabigyan ng proteksyon laban sa mga panindang makasasama sa kanyang kalusugan. Karapatan niyang magreklamo kung nakabili siya ng isa o sirang produkto upang mapalitan ang produktong ito.
 - a. Pagpapatid ng karapatan ng mga konsyumer upang mabigyan sila ng proteksyon
 - b. Pagpapaalam ng karapatan ng konsyumer at prodyuser sa mga itinitindang produkto
 - c. Pagpapaabot sa mga mamimili ng mga nararapat gawin sa sandaling sila’y naloko ng prodyuser
 - d. Pagtuturo ng paraan ng pagrereklamo ng mga konsyumer sa mga kinaukulan upang sila’y mabigyan ng hustisya

2. Maraming nagsasabing ang pangunahing dahilan kung bakit ang mga bansang kulang sa pag-unlad at nahihirapang tumugon kahit na sa mga pangunahing pangangailangan ng kanilang mga mamamayan ay bunga ng ilang panloob na katangian tulad ng: kakulangan sa mga pinagkukunang-yaman, di-episyenteng paggamit ng mga sangkap pamproduksyon, kababaang antas ng pag-iimpok,

kawalan ng disiplina, sipag at kusa, kakulangan ng integrasyon ng mga produktibong sektor, bunga ng kultura at di-pantay na distribusyon ng kita.

- a. Isagawa ng mga mamamayan ang mga kinakailangang katangian upang mapaunlad ang bansa
 - b. Maiwasan ng bansa ang pagdanas ng kahirapan ng mga mamamayan
 - c. Ipaalam sa mga mamamayan ang mga dahilan ng kahirapan upang makagawa ng kinakailangang paraan sa pagtataguyod ng kaunlaran
 - d. Mapangalagaan ng bawat isa ang kalikasan, magtaglay ng katangiang pagiging matipid, masipag at may disiplinang pansarili
3. Marami ang nagsasabing dapat paunlarin ang agrikultura dahil malaking bahagi ng ating hukbong paggawa at ng ating malawak na empleyo at makasasagot sa lumalalang problema ng kawalang trabaho.
- a. Maraming natutulungan ang sector ng agrikultura dilamang ang mga magsasaka kundi malaki rin ang kontribusyon nito sa ekonomiya ng bansa.
 - b. Ipaalam sa pamahalaan ang kakulangan ng suporta sa agrikultura na nagiging dahilan ng pagbagsak ng ekonomiya.
 - c. Matulungan ang mga mamamayang matugunan ang kanilang mga pangunahing pangangailangan sa pamamagitan ng pagsasaka.
 - d. Makarating sa mga kinauukulan ang pagbibigay ng atensiyon sa agrikultura na nakababahagi nang malaki sa pag-unlad ng ekonomiya ng bansa.
4. Isa sa mga pangunahing layunin ng isang bansa ay mapanatili ang matatag na kalagayan ng ekonomiya. Layunin din nitong mabigyan ng sapat na pagkain, pananamit, pamamahay at iba pang pangangailangan ang mga mamamayan nito, mapagpatuloy at mabigyan ng higit na malaking dami ng mga produktong may mataas ng kalidad ang mga mamamayan ng isang lipunan.
- a. Ilahad ang karapatan ng mamamayan at tungkulin ng pamahalaan sa kanyang mga mamamayan.
 - b. Matamo ng mga mamamayan ang mga nararapat ng benepisyong ilaan sa kanila.
 - c. Mapagtanto ng mga mamamayan na di-nagkukulang ang pamahalaan sa paglilingkod sa kanila.
 - d. Maisagawa ng bansa ang mga tungkuling dapat gampanan upang maging maunlad ang kabuhayan.
5. Ang mga edukado, sanay at malulusog na manggagawa ay may potensyal na makagawa ng mas malaking produksyon kung ihahambing sa mga manggagawang mababa ang antas ng edukasyon, walang kasanayan, sakitin at mahihina ang pangangatawan.

- a. Ilarawan ang katangiang nararapat taglayin ng isang manggagawa.
- b. Ipaliwanag ang kaibahan ng dalawang uri ng manggagawa sa bansa.
- c. Ipakita ang kahalagahan ng edukasyon at kalusugan sa paghahanap buhay.
- d. Ipaliwanag ang kahalagahan ng isang taong may pinag-aralan sa uri ng kanyang hanapbuhay.

Iwasto mo ang iyong sagot. Kunin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto upang malaman kung ano ang iyong naging kalakasan at kahinaan.

Kung mayroon mang dalawa o higit pang kamalian, muli mong balikan ang mga bilang na ito upang mapag-aralang mabuti kung bakit ka nagkamali. Sa ganitong paraan, maiiwasan mo na sa susunod ang gayon ding kamalian.

Lagumin

Panuto: Punan ng angkop na salitang matatagpuan sa ibaba ang bawat patlang sa talata.

A.

Ang tekstong informativ ay isang uri ng tekstong naglalahad ng mga _____(1)_____ tungkol sa _____(2)_____ tinatalakay. Layunin nitong linawin ang mga _____(3)_____ upang maunawaang mabuti ang ipinaliliwanag.

Mahalagang magkakaugnay ang mga _____(4)_____ upang magkaroon ng isang kakintalan sa _____(5)_____ ng mambabasa.

Pagpipilian:

Kaisipan	Konsepto
Paksang	Isipan
Impormasyon	Teorya

B.

May iba't ibang katangian ang teksto. Isa na rito ang paghahatid ng mensaheng napapaloob sa kabuuan ng teksto. _____(1)_____ ang tawag dito. Sa uring ito, tinutukoy ang _____(2)_____ nais iparating ng _____(3)_____ sa mga _____(4)_____.

Hindi kasama rito ang layunin kung bakit isinulat ng may-akda ang _____(5)_____.

Pagpipilian:

Mensaheng	Layon
Sumulat	Katangian
Teksto	Mambabasa

Subukin

A. Panuto: Isulat ang simbolong O kung ang pahayag sa bawat bilang ay informativ at X kung hindi.


1. Sa kasalukuyan, ang maunlad na bansa ay nasa Hilagang Amerika at Europa samantalang ang mahihirap na bansang dumaranas ng kakulangan sa pag-unlad ay nasa Afrika, Asya at Latin Amerika.
2. Ano bang talaga ang pag-unlad at bakit pinagkakaabalahan ito ng napakaraming tao, pinunong bayan at ordinaryong mamamayan?
3. Ang industriya ay isang sektor na nakapagbabago ng materyal sa pisikal o kemikal na anyo. Ito ay binubuo ng pagmimina, manufacturing, konstruksyon, kuryente, gas at tubig.
4. Marami ang nagtatanong kung paano lumalaki at umuunlad ang isang ekonomiya ng bansa. Iyan ay di kayang sagutin ng ordinaryong mamamayang tulad ko.
5. Layunin ng ekonomiya na mapanatiling buhay ang lipunang kanyang ginagalawan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga materyal na bagay na tutugon sa pangangailangan ng mga mamamayan nito.

B. Panuto: Isulat ang letra ng pahayag ng tumutugon sa layunin ng tekstong isinasaad ng bawat bilang

1. Marami ang nababahala sa mabilis na paglaki ng ating populasyon, sa mga ekonomista, ito ay nangangahulugan ng malaking paglalaan sa mga serbisyong pangkalusugan, pamahayan, pampaaralan at iba pang pampublikong serbisyo.
 - a. Maging bukas ang isipan ng mga mamamayan sa mga nagaganap sa kapaligiran.
 - b. Maunawaan ng mga mamamayan ang epekto ng paglaki ng populasyon sa pag-unlad ng kabuhayang pambansa.
 - c. Ipaunawa sa lahat ang mabilis na paglaki ng populasyon at pagdepende ng mamamayan sa pamahalaan.
 - d. Maramdaman ng marami ang pahirap na kalagayan ng buhay dahil sa mabilis na paglaki.
2. Ang mga makabagong makinarya sa paggawa ng tela ay mas mabisa sa mga luma at tradisyunal na pamamaraan ng paghahabi. Dahil dito mas maraming tela ang nagagawa at iba't ibang klase pa ang pinoprodyus ng mga makabagong makinarya.
 - a. Ipagamit ang makabago't makalumang makinarya sa paggawa ng tela.

- b. Ipagwalang-bahala ang mga makalumang nakinarya ang kahalagahan ng mga makabagong makinarya.
 - c. Patunayang hindi mapapantayan ang makalumang makinarya ang kahalagahan ng mga makabagong makinarya.
 - d. Ipaalam ang kahalagahang nagagawa ng mga makabagong makinarya sa paggawa ng tela.
3. Ang likas na kasipagan at motibasyon ng mga tao upang magtrabaho ay malakas na makapagpapalawak ng produksyon hindi lamang sa mga kompanya kundi gayundin sa buong ekonomiya.
- a. Mapapatunayang ang kasipagan at motibasyon sa paggawa ay malaking tulong sa pag-unlad ng ekonomiya.
 - b. Matukoy ang mga katangiang nararapat isagawa sa pagtatamo ng kaunlaran ng bansa.
 - c. Maibigay ang katangiang makatutulong nang malaki sa pagpapalawak ng produksyon ng bansa.
 - d. Mag-angkin ang bawat manggagawa ng mga positibong katangian.
4. Ang mabuting pagsasamahan ng trabahador at may-ari ng kompanya ay nakapagbibigay ng positibong kontribusyon sa produktibidad ng mga manggagawa at kita sa kompanya.
- a. Mapadama ng mga may-ari ng kompanya ang kanilang pagpapahalaga sa mga manggagawa.
 - b. Matutunan ng mga manggagawa ang kababaang loob at pagbibigay naman sa mga may-ari ng kumpanya.
 - c. Maipakita ang magandang bunga ng mabuting pagsasamahan ng trabahador at may-ari ng kumpanya.
 - d. Mararamdaman ng bawat isa ang positibong pananaw sa pagtatrabaho.
5. Ang mabisang pampublikong transportasyon bunga ng pag-unlad sa teknolohiya ay makapagbibigay rin ng maraming oras para sa mga tao hindi lamang sa kanilang trabaho kundi sa kanilang sarili at pamilya.
- a. Makita ang kaginhawahang dulot ng makabagong teknolohiya.
 - b. Malirip ang kahalagahan ng pampublikong transportasyon.
 - c. Maunawaan ang buting dulot ng pagkakaloob ng oras sa sarili at pamilya.
 - d. Matukoy ang mga pagbabagong nagaganap sa kapaligiran sanhi ng makabagong teknolohiya.

Paunlarin

- A. Panuto: Basahing mabuti ang teksto. Pagkatapos, isulat ang simbolong  kung ang pahayag ay informativ at kung hindi.

Ang barter ay nagaganap na rin sa kasalukuyan partikular sa mga grupo ng Pilipino na nakatira sa bundok tulad ng mga Igorot. Bumababa sila sa kapatagan upang ipagpalit ang kanilang mga produkto at iba pang kagamitan at pagkain.

Ipinagpapalit ng mga Tingurines ang kanilang mga aning palay ng damit o kaya'y sapatos. Ngunit ang sistemang barter ay posible lamang sa isang simpleng lipunan. Naging mahirap ang sistemang ito sa mga maunlad na lipunan. Maraming hindi kapaki-pakinabang na gawain ang naidulot ng sistemang ito. Ito ay nakaabala, masuliranin at hindi pantay. Hindi maaaring ipagpalit ang ibang bagay. Nakagaganyak din ito sa pandaraya at maraming bagay ang hindi maaaring hatiin. Mabuti kung ang tanging kailangan ng tao ay matatagpuan niya sa iba.

Naunawaan mo ba ang iyong binasa? Mabuti kung gayon. Matutukoy mo ba kung anong mga pahayag na ginamit sa teksto ang nagbibigay ng impormasyon?

Sagutin mo ang mga sumusunod upang matiyak kung gaano na ang iyong natutunan.

1. Ipinagpapalit ng mga Tingurines ang kanilang aning palay ng damit o kaya'y sapatos.
2. Mabuti kung ang tanging kailangan ng tao ay matatagpuan niya sa iba.
3. Ang barter ay nagaganap na rin hanggang sa kasalukuyan partikular sa mga grupo ng Pilipino na nakatira sa bundok tulad ng mga Igorot.
4. Ngunit sa aking palagay, ang sistemang barter ay posible lamang sa isang simpleng lipunan.
5. Maraming hindi kapaki-pakinabang na gawain ang naidulot ng barter gaya ng pagkakaabala, kumplikado at hindi pantay na palitan.

C. Panuto: Piliin ang layunin ng mga sumusunod na pahayag. Letra lamang ang isulat.

1. "Mag-ingat sa isang taong pagkakatiwalaan lalo pa't negosyo ang pinag-uusapan. Tiyaking legal ang lahat ng transaksyong papasukin upang di-mag-sisi sa banding huli".
 - a. nananakot sa mga magnenegosyo
 - b. nagbababala sa mga nagbabalak magnegosyo
 - c. nakikiusap sa mga taong may masamang motibo
 - d. nagbabanta sa sinumang gagawa ng masama

2. “Lagi mo lamang isipin o isaalang-alang ang kapakanan ng mga mamimili upang maging matagumpay na mangangalakal sa hinaharap”.
 - a. nangangaral sa mga magtatayo ng negosyo
 - b. nag-aatas sa bawat isa na maging patas
 - c. humihingi ng atensyon para sa mga mamimili
 - d. namimilit sa mga mangangalakal na isaalang-alang ang mamimili

3. “Sa hirap ng buhay ngayon, marami na rin ang sumubok na makipagkalakalan subalit nabigo. Kung ikaw man ay nagpaplanong maging bahagi ng tagapataguyod ng ekonomiya, huwag magdalawang-isip. Ang kapalaran ni Juan ay iba sa kapalaran ni Pedro”.
 - a. magmungkahi ng aternatibong solusyon
 - b. maglahad ng kapakinabangan
 - c. magbalita ng positibo
 - d. magbigay ng lakas ng loob

4. “Mababa man sa iyong paningin ang iyong hanapbuhay, basta’t ito’y marangal, mahalaga kang sangkap sa pagtataguyod ng ekonomiya”.
 - a. magyabang ng narating sa buhay
 - b. gawin ang anumang gawaing nagpapahalaga sa mga tungkuling ginagampanan
 - c. magpapahalaga sa mga tungkuling nagpapahalaga sa mga tungkuling ginagampanan
 - d. magpaliwanag ng tungkol sa marangal na gawain

5. “Kung ikaw ay isang manggagawa, pagbutihin ang iyong gawain upang matamo ang tiwala di-lamang ng pinaglilingkuran kundi pati na rin ng mga kasamahan sa trabaho”.
 - a. maging katuwa-tuwa ang mga manggagawa
 - b. pagsilbihang mabuti ang pinaglilingkuran
 - c. magtiwala sa mga kasamahan sa trabaho
 - d. pagsikapan pang lalo ng mga manggagawa ang kanilang trabaho

Iwasto mo ang iyong mga sagot.

Hingin sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.

Sub Aralin 4

Pagbuo at Pagsulat ng Isang Tekstong Informativ

Layunin

Nakabubuo’t nakasusulat ng isang mabisang tekstong informativ

Alamin

Basahin at unawaan mong mabuti ang tula

Tangkilikin Ang Sariling Atin
ni D. T. Tungo

Sa ating gunita at mga damdamin
Ay ating ipunla ang isang layunin,
Ito'y ang panatang tangkilin
Ang mga kalakal nitong bayan natin.

Ang ating kalakal ay hindi alangan
Sa mga panindang yari ng dayuhan;
Bakit hindi bilhin upang matulungan
Ang pagpapaunlad sa sariling bayan.

Atin nang tangkilikin, isang adhika,
Layuni'y tulungan ang ating kapwa.
Mahalin ang atin sa salita't gawa
Pagtulong sa bayan ay gawang dakila

Naunawaan mo ba ang iyong binasa? Masasabi mo ba kung ano ang paksa nito?

Tama. Tungkol ito sa pagtangkilik sa sariling produkto.

Bakit kailangang tangkilikin ang sariling produkto?

Ano naman ang kapakinabangang magagawa nito para sa bayan?

Kapag nasagot mo ang mga katanungan sa taas, masasabing lubusan mo ngang naunawaan ang kabuuan ng tula.

Higit na mainam, kung ito'y maisusulat mo sa anyong patalata.

Linangin

Hindi lamang dapat sa pagbabasa at pagsasalita nalilinang ang kasanayan at kakayahan ng tao. Mahalagang ang kanyang nakikita at naiisip ay maisulat din niya.

Ang pormularyo ng isang mahusay na pagsusulat ay ang mga sumusunod: kailangang ito'y malinaw, sapagkat ang layunin nito'y maihatid sa mambabasa ang iniisip. Kailangan ito'y maganda sapagkat may mambabasang dapat maakit sa iyong sinusulat upang ipagpatuloy at tapusin ang pagbabasa; kailangang ito'y mabigat sapagkat kaya ka nagsusulat ay dahil mayroon kang sasabihin sa iyong mambabasa; subalit ang lahat ay nababatay sa realidad at katotohanan sapagkat ang pangunahin sa lahat ay ang pagkakaroon ng manunulat ng kredibilidad

sa kanyang mambabasa. Anong kabuluhan ng kanyang pagsusulat kung hindi siya pinaniniwalaan?

Maaaring buuin ang isang mabisang tekstong informativ ng tatlo o higit pang talata. Ang unang talata’y tinatawag na panimula, na maaring buuin ng isa o higit pang pangungusap. Sa ikalawang talata tinatalakay ang paksa. Maaaring ibigay ang depenisyon, gamit o kapakinabangan ng paksang tinatalakay. Sa ikatlong talata naman tinatalakay ang paglalagom o paglalahat. Maari rin itong buuin ng isa o higit pang pangungusap.

Ganito ang magiging anyo ng balangkas ng isang tekstong informativ.

Panimula { _____

Nilalaman { _____

Pangwakas { _____

Naunawaan mo ba kung anu-anong impormasyon ang dapat ilagay sa bawat talata?

Mainam kung gayon. Natitiyak kong handa ka na sa pagsagot sa mga inihanda kong gawain.

Gawain 1 Pagbuo ng talata sa pagpupuno ng mga salita

Panuto: Punan ng angkop na salita ang bawat patlang sa talata upang mabuo ang kaisipang nais nitong ipahayag. Piliin ang sagot sa pagpipilian na matatagpuan sa kasunod na pahina.

Ang pagtutulungan ay kinakailangan upang maging maunlad ang isang bansa. May mga produkto ang ilang ____ (1) ____ na kailangan natin gayundin naman ang ibang bansa na nangangailangan ng ating mga produkto tulad ng bigas, mais, asukal at iba pang ____ (2) _____. Sa ganitong paraan ang bawat bansa ay nagkakaroon ng ugnayan. Ang ugnayang ito ay tinatawag nating ugnayang ____ (3) _____.

Kung nais natin ang produkto ng ibang bansa, kailangan nating ____ (4) ____ ng kanilang produkto. Ang tawag natin sa prosesong ito ay ____ (5) _____. Nangangahulugan din na kailangan natin ang kanilang salapi dahil hindi natin puwedeng gamitin o ipambayad ang ating salapi, lalung-lalo na ang dolyar.

Mga Pagpipilian:

Karatig
Importasyon
Ekonomiko
Bansa
Pagkain
Umangkat

Gawain 2 Pagbuo ng talata sa pamamagitan ng pagpupuno ng mga pangungusap/ pahayag
Panuto: Punan ng wastong pahayag na nasusulat sa ibaba ang bawat patlang sa talata.

Isa sa mahalagang salik ng produksyon ang paggawa.
_____ (1) _____ walang gamit ang mga likas na
yaman na ipinagkaloob sa atin. _____ (2) _____.
Walang kapakinabangan ang mga likas na yamang ito,
_____ (3) _____. Kailangan kung ganoon ang
mga manggagawa _____ (4) _____.

Iba't iba ang uri ng paggawa: skilled, semi-skilled at unskilled.
Matatawag na skilled ang taong bumabasa at nagtutuos ng metro ng kuryente o
tubig. _____ (5) _____.

- kung walang mga kamay na lilingang sa mga biyayang ito
- upang lalong matugunan ang pangangailangan ng mga tao
- unskilled naman ang tawag sa mga manggagawang hindi nangangailangan ng kasanayan upang lalong matugunan ang mga pangangailangan ng mga tao
- ang lakas-paggawa ang siyang ginagamit sa paglikha ng kapakinabangan
- kung walang dalubhasang manggagawa na magpapatakbo sa mga pabrika at pagawaan

Gawain 3 Pagbuo ng talata sa pamamagitan ng pagsasaayos ng mga kaisipan
Panuto: Isaayos ang mga kaisipan upang makabuo ng isang maayos na tekstong
informativ. Bilang lamang ang isulat.

1. Ang sektor ng manggagawa ay isa sa mahahalagang sektor ng lipunan. Malaki ang papel na ginagampanan ng sektor na ito sa pag-unlad ng ating ekonomiya.
2. Karapatan din ng mga manggagawa ang makapagtatag ng isang organisasyon na naaayon sa batas.

3. Ang sektor ng manggagawa ay tulad din ng ibang sektor na nakararanas ng mga balakid sa kanilang pag-unlad.
4. Sa katunayan, ang mga karapatan ng paggawa ay kinikilala at iginagalang ng pamahalaan. Ito ay nakasaad sa Saligang Batas ng Pilipinas; Seksyon. 9, Artikulo 11.
5. Karapatan nilang magsalita, mapahalagahan at marinig.
6. Paano pinangangalagaan ng estado ang kapakanan ng mga manggagawa sa ating bansa?

Lagumin

Panuto: Isaayos ang mga kaisipan upang makabuo ng isang tekstong informativ. Isulat ang buong talataan at sundin ang padron ng balangkas.

- Marami ang dahilan ng ating pag-unlad. Ang bilis ng pag-unlad ng agham at teknolohiya ay naging daan upang makalikha ng yaman.
- Masasabing ang mabisang instrumento ng pag-unlad ay pangangalakal. Mula sa panahon ng bato, ang buhay ng tao ay nagbago at umunlad sa pamamagitan ng mga bagong ideya, kaisipan at teknolohiya.
- Ano ang naging papel ng pangangalakal sa kabuhayan ng tao?
- Ayon sa United Conference on Trade and Development (UNCTAD), tunay na malaki ang papel na ginagampanan ng pangangalakal sa pag-unlad.
- Ang pamumuhunan ay isa ring dahilan sa paglilipat at paggamit ng makabagong teknolohiya.

Panimula {

Nilalaman {

Iwasto mo ang iyong sagot. Hingin sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto kung may mali man sa paraan ng iyong pagsunud-sunod ng kaisipan, muli mo itong balikan at pag-aralan upang lubos na maunawaan.

Subukin

Panuto: Pagsunud-sunurin ang mga pangungusap upang makabuo ng isang talata. Bilang lamang ang isulat.

1. Hindi susulong ang bansa dahil maraming makinarya at mga gamit ang matitigil sa pag-andar.
2. Karamihan ng mga planta ng kuryente ay hindi mapapatakbo.
3. Mapaparalisa ang ekonomiya kung matitigil ang pag-aangkat natin ng langis.
4. At mawawalan ng hanapbuhay ang malaking bahagdan ng ating mga kababayan.
5. Gayundin kung ititigil naman natin ang pagluluwas ng ating produkto, mababawasan ang ating kita.

Paunlarin

Panuto: Piliin at isulat ang mga pangungusap na matatagpuan sa kasunod na pahina na may kaugnayan sa larawan upang makabuo ng isang tekstong informativ



1. Mahirap na nakaaaliw ang pagtitinda. Nangangailangan ito ng maraming oras sapagkat hanggat may namimili at marami pang paninda ay kailangang bukas ang tindahan.
2. Marami pa ang mamamasukan sa pabrika at may sigurado kang kita.
3. Mula umaga hanggang hapon ay rito lamang nakatuon ang lahat ng iyong atensyon.
4. Hindi maaaring iwan o ihabilin ang mga paninda sa kapwa tindera.
5. Maraming masasamang loob na iba't iba ang modus operandi.
6. Iba't ibang tao ang makasalamuha sa ganitong uri ng hanapbuhay.
7. Mahirap man ay sulit naman kung maganda-ganda ang kita sa araw-araw.

Nadalian ka ba sa pagbuo ng teksto? Hingin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto upang malaman kung nakuha mo ngang lahat ang mga wastong pangungusap sa pagbuo ng talata.



Gaano ka na kahusay?

Bago ka magpatuloy ng pag-aaral sa iba pang modyul, subukin mong sagutin ang bawat pagsusulit.

Kung natutunan mo nang wasto ang itinuro sa modyul na ito, masasagot mo nang matagumpay ang pagsusulit na ito.

Magsimula ka na.

A. Panuto: Hanapin sa Hanay B ang katumbas na formal na salita ng mga nasa Hanay A.

Hanay A	Hanay B
1. katropa	A. pera
2. sanpit	B. kotse
3. atik	C. pinsan
4. utol	D. matanda
5. gurang	E. kagrupo
6. tsikot	F. kapatid

B. Panuto: Piliin sa mga pahayag sa ibaba ang mga paksang nais ipahiwatig ng mga sumusunod na pamagat.

1. Pagsilang ng Nasyonalismong Pilipino
 2. Ang Pamahalaang Komonwelt
 3. Kilusan sa Pagbabago
 4. Iba't ibang Pangkat Etniko
 5. Ang Pagkalat ng Kristiyanismo
- A. Pagsibol ng Kilusang Propaganda na pinangunahan ng mga nagmula sa panggitnang uri ng pangsosyo-ekonomikong kalagayan sa lipunan at mga nakapag-aral sa ibang bansa.
- B. Iba't ibang grupo ng katutubong Pilipino na may sariling kalinangan, kaugalian, paniniwala at tradisyon.
- C. Pamahalaang pinamumunuan ni dating Pangulong Manuel Luis Quezon.
- D. Pag-aalsa ng mga Pilipino laban sa mapaniil na dayuhan.
- E. Pagdami ng iba't ibang relihiyon, kaugalian at kultura sa Pilipinas.
- F. Pagpapalaganap ng relihiyong hatid ng mga Kastila sa bansa na ginamit na kasangkapan upang makuha ang loob at tiwala ng mga Pilipino.

C. Panuto: Isulat ang blg. 1 kung ang pahayag ay informativ at blg. 2 kung hindi.

1. Ang pangunahing gamit ng salapi ay bilang medyum ng palitan. Ginagamit ito sa pagbili ng mga bagay-bagay na kinakailangan ng tao.
2. Ang mga konsyumer ay binubuo ng mga taong bumibili ng mga kalakal at ang mga prodyuser ay binubuo naman ng mga gumagawa ng produkto sa mga pamilihan.
3. Mahirap tanggaping bumababa ang antas ng ekonomiya sa daigdig.
4. Ang implasyon ay naglalarawan ng patuloy na pagtaas ng presyo at epekto nito sa iba't ibang produkto.
5. Pangalawa sa pangunahing hanapbuhay ang pangingisda. Naitalang ang kabuuang produksyon ng isda ay umaabot ng 2.625.6 milyong metriko tonelada taun-taon

D. Panuto: Piliin sa ibaba ang layon ng mga sumusunod na pahayag sa bawat bilang. Letra lamang ang isulat.

1. “Pagpasensiyahan mo na muna ang tubig. Hindi kasi uso rito ang softdrink. May nagtitinda rin pero madalang lamang”.
 2. “Hindi kita kayang hintayin. Nagagahol ako sa panahon. Buo na ang pasya kong ituloy ang pagtatayo ng machine shop sa may kanto”.
 3. “Huwag kayong magpadalus-dalos sa pagpapasya. Bigyan natin ng panahon ang kompanya bago tayo kumilos”.
 4. “Mahina ang mga pasok ng order. May mga tindahan at kumpanya pang nagsara kaya medyo nahihirapan ang ating tanggapang maipagkaloob sa kasalukuyan ang inyong mga hinihiling”.
 5. “Huwag kayong magtitiwala sa hindi natin kamiyembro. Kilatasin muna ninyo ang mga nag-aalok ng tulong o sinumang lumalapit upang di-tayo mapahamak balang-araw”.
- A. ipinaunawa ang kalagayan
 - B. tanggapin kung ano ang mayroon
 - C. mapag-ingat ang mga kasama
 - D. magpayapa ng kalooban
 - E. magpasya na agad

E. Panuto: Isaayos ang mga kaisipan upang makabuo ng isang tekstong informativ Hatiin sa tatlong bahagi ang teksto: Panimula, nilalaman at pangwakas.

1. Sa kabuuan, kapag ang mga sektor ng industriya ay matibay, industriyalisasyon ay makakamit ng mga bansa.
2. Makakamit ang uring industriyalisado kung ang paggawa ng mga produkto ay mabilis, mura ngunit de-kalidad.
3. Kaunlaran ng ekonomiya ang pangarap ng mga bansa kaya karamihan sa kanila gaya ng Pilipinas ang tumatahak patungong industriyalisasyon.
4. Matutupad ito sa paggamit ng teknolohiya, transportasyon, komunikasyon at elektripikasyon. Ang paggawa ay dapat angkop sa kailangan ng pag-unlad at matatag na agrikultura
5. Walang kaya ang industriya kapag walang kaugnay na pag-unlad sa agrikultura.

Susi sa Pagwawasto

Ano na ba ang alam mo?

I. Pagtukoy sa mga salita ayon sa formalidad na gamit

1. E
2. F
3. B
4. A
5. D
6. C

II. Pagbibigay-hinuha sa kahulugang maaaring ipinahihiwatig ng pamagat

1. E
2. F
3. A
4. B
5. D
6. C

III. Pagkilala sa tekstong informativ

- | | | |
|------|---|------------------|
| 1. 1 | } | kahit anong ayos |
| 2. 2 | | |
| 3. 5 | | |
| 4. 6 | | |
| 5. 7 | | |

IV. Pagkilala sa layon ng teksto

1. E
2. B
3. D
4. A
5. C

V. Pagsulat ng tekstong informativ

1. upang matugunan ang kanilang pangangailangan, nagtatayo sila ng tindahan sa tabi ng kanilang mga bahay.
2. ang pagtatayo ng kani-kanilang mga tindahan sa kalye at mga lugar na matao.
3. sapagkat hindi sila nagbabayad ng buwis
4. na matugunan ang mga pangangailangan
5. hindi nakatutulong sa pamahalaan

Mga Gawain sa Pagkatuto

Sub Aralin 1

Gawain 1

1. pare
2. sem
3. alaws
4. erpat
5. ermat
6. tambay
7. mabuburyong

Gawain 2

1. hanapbuhay
2. nagugutom
3. ama
4. nagtitipid
5. magkaisip

Gawain 3

1. manggagawa
2. edukado
3. talino
4. nawawala
5. paglilingkod
6. guro
7. karamdaman

Lagumin

1. turu-turo – karinderya
2. tsekwa – intsik
3. yosi – sigarilyo
4. dehins – hindi
5. igan – kaibigan

Subukin

1. formal
2. informal
3. informal
4. informal
5. formal
6. informal
7. formal
8. informal

Paunlarin

1. kinikilatis, sinusuri
2. walang pera
3. pulis, maykapangyarihan
4. tago nang tago
5. pakialam

Sub Aralin 2

Gawain 1

1. D
2. F
3. E
4. A
5. B

Gawain 2

1. Pagsisikap sa buhay upang matamo ang mga pangarap
2. Pagmamahal sa sariling bayan
3. Pagiging kuntento sa kalagayan sa buhay
4. Higit na pagpapahalaga sa sariling pamilya kaysa sa karangyaan
5. Pagpapanatili sa kultura't tradisyong kinamulatan

Lagumin

1. parirala
2. 1
3. kalakalan
4. 2
5. Estados Unidos

Subukin

1. May Biyaya sa Paggawa
2. Ang Bayan Ko
3. Ang Pagdating ng Munting Anghel
4. Ang Mabuting Samaritano
5. Takipsilim ng Buhay

Paunlarin

1. E
2. A
3. F
4. D
5. C

Sub Aralin 3

Gawain 1

1. D
2. A
3. C
4. B
5. D

Gawain 2

1. A
2. C
3. D
4. A
5. C

Lagumin

- A. 1. imformasyon
2. paksang
3. konsepto
4. kaisipan
5. isipan

- B. 1. katangian
2. mensaheng
3. sumulat
4. mambabasa
5. teksto

Subukin

- A. 1. O
2. X
3. O
4. X
5. O

- B. 1. B
2. D
3. A
4. C
5. A

Paunlarin

- A. 1. ☆
2. □
3. ☆
4. □
5. ☆

- B. 1. B
- 2. A
- 3. D
- 4. C
- 5. D

Sub Aralin 4

Gawain 1

- 1. bansa
- 2. pagkain
- 3. ekonomiko
- 4. umangkat
- 5. importasyon

Gawain 2

- 1. ang lakas-paggawa ang siyang ginagamit sa paglikha ng kapakinabangan
- 2. kung walang mga kamay na lilinang sa mga biyayang ito
- 3. kung walang dalubhasang manggagawa na magpapatakbo sa mga pabrika at pagawaan
- 4. upang lalong matugunan ang pangangailangan ng mga tao
- 5. unskilled naman ang tawag sa mga manggagawang hindi nangangailangan ng kasanayan upang lalong matugunan ang mga pangangailangan ng mga tao

Gawain 3

- 1. 6
- 2. 1
- 3. 3
- 4. 5
- 5. 2
- 6. 4

Lagumin

Ano ang naging papel ng pangangalakal sa kabuhayan ng tao?

Masasabing ang mabisang instrumento ng pag-unlad ay pangangalakal. Mula sa panahon ng bato, ang buhay ng tao ay nagbago at umunlad sa pamamagitan ng mga bagong ideya, kaisipan at teknolohiya.

Marami ang dahilan ng ating pag-unlad. Ang bilis ng pag-unlad ng agham at teknolohiya ay naging daan upang makalikha ng yaman.

Ayon sa United Conference on Trade and Development (UNCTAD), tunay na malaki ang papel na ginagampanan ng pangangalakal sa pag-unlad.

Subukin

1. 3
2. 1
3. 2
4. 5
5. 4

Paunlarin

1. Mahirap na nakaaaliw ang pagtitinda. Nangangailangan ito ng maraming oras sapagkat hanggat may namimili at marami pang paninda ay kailangang bukas ang tindahan.
2. Mula umaga hanggang hapon ay rito lamang nakatuon ang lahat ng iyong atensyon
3. Hindi maaaring iwan o ihabilin ang mga paninda sa kapwa tindera
4. Iba't ibang tao ang makasasalamuha sa ganitong uri ng hanapbuhay
5. Mahirap man ay sulit naman kung maganda-ganda ang kita sa araw-araw

Gaano ka na kahusay

- A. 1. E
2. C
3. A
4. F
5. D
6. B
- B. 1. D
2. C
3. A
4. B
5. F
- C. 1. 1
2. 1
3. 2
4. 1
5. 1
- D. 1. B
2. E
3. D
4. A
5. C

E.

Kaunlaran ng ekonomiya ang pangarap ng mga bansa kaya karamihan sa kanila gaya ng Pilipinas ang tumatahak patungong industriyalisasyon.

Makakamit ang uring industriyalisado kung ang paggawa ng mga produkto ay mabilis, mura ngunit de-kalidad. Matutupad ito sa paggamit ng teknolohiya, transportasyon, komunikasyon at elektripikasyon. Ang paggawa ay dapat angkop sa kailangan ng pag-unlad at matatag na agrikultura.

Walang kaya ang industriya kapag walang kaugnay na pag-unlad sa agrikultura.

Sa kabuuan, kapag ang mga sektor ng industriya ay matibay, industriyalisasyon ay makakamit ng mga bansa.

Mga Kasanayan

Pagsasalita	Pagbasa	Pagsulat	Pamagat
<p>Nakikilala ang salita/pangungusap ayon sa formalidad na gamit</p>	<p>Nabibigyang hinuha ang kahulugang maaaring ipahiwatig ng pamagat</p> <p>Natutukoy kung ang teksto ay informativ</p> <p>Naiisa-isa ang tiyak na layon ng teksto</p>	<p>Nakabubuo ng isang tekstong informativ</p>	<p>Mga Salita Ayon sa Formalidad na Gamit</p> <p>Kalakalan</p> <p>Tekstong Informativ</p>